| English | Filipino (Tagalog) |
| --- | --- |
| **Border Closures** | **Pagsasara ng mga Hangganan (Border Closures)** |
| From 12:01am on Wednesday 8 July 2020 the ACT will be closing its border for anyone travelling into the ACT from Victoria, unless they have an exemption to enter. | Mula 12:01nu sa Miyerkules 8 Hulyo 2020 isasara ng ACT ang hangganan nito para sa sinumang maglalakbay sa ACT mula sa Victoria, maliban kung mayroon siyang exemption para papasukin. |
| All ACT residents are approved to return their home, subject to entering quarantine for a period of 14 days, from the day after leaving Victoria. | Lahat ng mga residente ng ACT ay inaprobahang makabalik sa kanilang tahanan, kung sasailalim sa kuwarentena na tatagal ng 14 na araw, simula sa araw pagkatapos lisanin ang Victoria. |
| Details on exemptions, special conditions for essential services and other matters will be available on this website soon. | Ang mga detalye sa mga exemption, natatanging mga kondisyon para sa kailangang-kailangang mga serbisyo at iba pang mga bagay ay makukuha sa website na ito sa lalong madaling panahon. |
| **For ACT residents returning from Victoria** | **Para sa mga residente ng ACT na pabalik mula sa Victoria** |
| All ACT residents returning from Victoria will be required to enter quarantine for a period of 14 days from the day after leaving Victoria. | Lahat ng mga residente ng ACT na pabalik mula sa Victoria ay kinakailangang mag-kuwarentena ng 14 na araw mula sa araw pagkatapos lisanin ang Victoria. |

| | |
|---|---|
| All returning ACT residents must notify ACT Health of their intent to return to the ACT. Residents must provide the following details to COVID.Exemptions@act.gov.au: | Lahat ng nagbabalik na mga residente ng ACT ay dapat ipabatid sa ACT Health ang kanilang hangarin na bumalik sa ACT. Ang mga residente ay dapat magbigay ng sumusunod na mga detalye sa COVID.Exemptions@act.gov.au: |
| 1. Name<br>2. Date of birth<br>3. Home address<br>4. Phone number<br>5. Email address<br>6. Travel details (flight number, by car etc)<br>7. Date of entry to ACT<br>8. Date you were last in Victoria<br>9. Details of address of where you plan to quarantine in the ACT. | 1. Pangalan<br>2. Petsa ng kapanganakan<br>3. Tirahan<br>4. Numero ng telepono<br>5. Email address<br>6. Mga detalye ng pagbibiyahe sa eroplano (numero ng flight, sa pamamagitan ng kotse atbp)<br>7. Petsa ng pagpasok sa Victoria<br>8. Petsa kung kailan huling nasa Victoria<br>9. Mga detalye ng address kung saan mo planong mag-kuwarentena sa ACT. |
| Please note that if you plan to quarantine at a private residence, it needs to allow for appropriate separation from other household members who are not in quarantine. Household members in quarantine would ideally have a separate bedroom, bathroom and should avoid spending time in communal spaces at the same time as other people in the home who are not in quarantine. If this can't be done you will be required to quarantine in a hotel or other approved premises. ACT Health can assist in providing details of suitable accommodation which you can book (at your own expense). Please note that we will require evidence of a valid booking if you are using hotel accommodation for quarantine purposes. | Mangyaring tandaan na kung plano mong magkuwarentena sa isang pribadong tirahan, kailangang maipapatupad dito ang naaangkop na paghihiwalay mula sa iba pang mga kasambahay na hindi naka-kuwarentena. Ang mga kasambahay na nakakuwarentena ay pinakamainam na mayroong hiwalay na silid-tulugan, banyo at dapat nilang iwasan ang paggugol ng oras sa mga lugar na para sa lahat sa mga oras na kasabay ang ibang tao sa bahay na hindi nakakuwarentena. Kung hindi ito magagawa, aatasan kang magkuwarentena sa isang hotel o sa iba pang inaprubahang lugar. Ang Health ACT ay maaaring makatulong sa pagbibigay ng mga detalye ng angkop na akomodasyon na maaari mong ipareserba (sa iyong sariling gastos). Tandaan lamang na hihingin namin ang ebidensya ng balidong booking kung gumagamit kayo ng akomodasyon ng hotel para sa kuwarentena. |

| | |
|---|---|
| **Documentation to be provided**: | **Mga dokumentong ibibigay**: |
| • Identification including proof of residence in the ACT.<br>• Details of a valid booking if you are using hotel accommodation for quarantine purposes. | • Pagkakakilanlan kabilang ang patunay ng paninirahan sa ACT.<br>• Mga detalye ng balidong booking kung ikaw ay gumagamit ng akomodasyon ng hotel para sa kuwarentena. |
| **For other travellers from Victoria to the ACT** | **Para sa iba pang manlalakbay mula sa Victoria na papunta sa ACT** |
| All other travellers from Victoria to the ACT should not be travelling. | Lahat ng iba pang manlalakbay mula sa Victoria na patungo sa ACT ay hindi dapat maglakbay. |
| If you have an exceptional need to travel to the ACT, you will need to apply for an exemption at least 48 hours (wherever possible) before your intended travel date. Persons entering the ACT without an exemption will be denied entry. | Kung ikaw ay may natatanging pangangailangan na maglakbay sa ACT, ikaw ay kailangang mag-aplay para sa isang exemption na hindi kukulangin sa 48 oras (hangga't posible) bago ang iyong nilalayong petsa ng paglalakbay. Ang mga taong pumapasok sa ACT na walang exemption ay hindi papapasukin. |
| Exemptions will be granted only in exceptional circumstances, such as: | Ang mga exemption ay ipagkakaloob lamang sa mga natatanging sitwasyon, tulad ng: |
| • Visiting a critically ill or palliative care immediate family member<br>• Essential services work (to be assessed)<br>• Attending a funeral of an immediate family member<br>• Provide urgent care to an immediate family member<br>• Receive urgent medical care<br>• Leaving Victoria in air transit from another jurisdiction and did not leave the airport | • Pagbisita sa isang malapit na kapamilya na may napakalubhang karamdaman o nasa palyatibong pangangalaga<br>• Pagtatrabaho sa mga kailangang-kailangang serbisyo (tatasahin pa)<br>• Pagdalo sa burol ng isang malapit na kapamilya<br>• Pagbibigay ng agarang pangangalaga sa isang malapit na kapamilya<br>• Pagtanggap ng kagyat na pangangalagang medikal<br>• Paglisan ng Victoria sa air transit mula sa isa pang hurisdiksyon at hindi lumabas ng paliparan |

| | |
|---|---|
| Exemption requests can be submitted to COVID.Exemptions@act.gov.au, and need to have the following details: | Ang mga kahilingang exemption ay maaaring isumite sa COVID.Exemptions@act.gov.au, at kailangan ng sumusunod na mga detalye: |
| 1. An explanation of your need to travel to the ACT<br>2. Name<br>3. Date of birth<br>4. Home address<br>5. Phone number<br>6. Email<br>7. Travel details (flight number, by car etc)<br>8. Date of entry to ACT<br>9. Details of how long you intend to stay in the ACT **<br>10. Date last in Victoria<br>11. Name and address of where you plan to stay in the ACT. | 1. Paliwanag tungkol sa iyong pangangailangang maglakbay sa ACT<br>2. Pangalan<br>3. Petsa ng kapanganakan<br>4. Tirahan<br>5. Numero ng telepono<br>6. Email<br>7. Mga detalye ng paglalakbay (numero ng flight, sa pamamagitan ng kotse atbp)<br>8. Petsa ng pagpasok sa ACT<br>9. Mga detalye kung gaano katagal mo balak manatili sa ACT **<br>10. Petsa kung kailan huling nasa Victoria<br>11. Pangalan at address kung saan mo binabalak na manatili sa ACT. |
| *** ACT Health may impose certain restrictions in relation to your exemption. You will be required to follow these.** | *** Ang ACT ay maaaring magpataw ng ilang mga paghihigpit na may kaugnayan sa iyong exemption. Aatasan kang sundin ang mga ito.** |
| **** As part of its risk assessment, ACT Health will assess your proposed length of stay in the ACT. A condition of entry may be that you will be required to complete a full 14 day period of quarantine in the ACT (at your own expense). We will consult with individuals on a case by case basis.** | **** Bilang bahagi ng pagtatasa ng panganib, ang ACT Health ay magtatasa ng iyong isinaad na tagal ng pananatili sa ACT. Ang isang kondisyon ng pagpasok ay maaaring ikaw ay atasang magkumpleto ng buong 14 na araw na kuwarentena sa ACT (sa iyong sariling gastos). Kami ay makikipagkonsulta sa mga indibidwal batay sa kani-kanilang kalagayan.** |
| **Documentation to be provided**: Identification; documents supporting your exemption requests, for example proof of employment, medical documentation | **Mga dokumentong ibibigay**: Pagkakakilanlan; mga dokumento na sumusuporta sa iyong mga kahilingan sa exemption, halimbawa patunay ng pagtatrabaho, mga medikal na dokumento |